

Ang bakunang AstraZeneca ay ibibigay sa mga walk-ins

Abril 15, 2021

Ang bakunang AstraZeneca ay ibibigay sa mga walk-ins sa parehong araw para sa mga karapat-dapat na Albertans sa Edmonton at Calgary.

Simula Abril 17, ang Alberta Health Services ay tatanggap ng mga walk-ins sa mga mabilis na daloy na klinika sa Edmonton EXPO Center at sa klinika sa Southport sa Calgary.

Dagdag ito sa 26 na parmasya sa Calgary at Edmonton na nag-aalok ng mga bakuna para sa mga Albertans na may edad na 55 hanggang 64 sa batayan ng walk-in.

Sino mang Albertan sa saklaw ng edad na ito, kahit saan sila nakatira, ay maaaring pumunta sa mga lokasyong ito upang makatanggap ng bakunang AstraZeneca nang walang appointment.

Sa kasalukuyan, 710 parmasya ang patuloy na nag-aalok ng mga appointment para sa bakunang AstraZeneca at ang mabilis na daloy na klinika sa Calgary sa Telus Convention Center ay patuloy na mag-aalok ng AstraZeneca sa pamamagitan ng appointment.

Ang unang dosis ng AstraZeneca ay binabawasan ang impeksyon ng 60 hanggang 70 porsyento at, ang mahalaga, ang pagpapa-ospital at panganib ng kamatayan ay nabawasan ng 80 porsyento. Sa pagtaas ng mga kaso ng COVID-19, ang bakuna ay nag-aalok ng proteksyon ngayon para sa mga tao sa halip na maghintay ng halos isang buwan upang mabigyan ng isang bakuna.

Mahigit 27,500 na dosis ng bakunang AstraZeneca ang naibigay sa Alberta, kasama ang 58,000 na dosis ng CoviSHIELD / AstraZeneca. Walang kumpirmadong mga kaso ng mga bihirang pamumuo ng dugo na kilala bilang vaccine-induced prothrombotic immune thrombocytopenia (VIPIT) sa Alberta, at isang kumpirmadong kaso lamang sa buong Canada.

Mahalagang maunawaan na ang panganib ng VIPIT para sa mga Albertans ay napakabihira. Mas malamang na makaranas ng pamumuo ng dugo mula sa paninigarilyo, pagbagsak / pinsala at iba pang karaniwang pangyayari sa araw-araw.

Gayunpaman, ang peligro ng isang masamang kinalabasan mula sa impeksyon ng COVID-19 ay totoong totoo at may mas mataas na posibilidad, lalo na sa pagtaas ng edad.

Ang peligro ng pagpapaospital para sa paggamot ng COVID-19 sa mga may edad na 55 hanggang 59 ay humigit-kumulang na 1,500 beses na mas malaki kaysa sa peligro ng VIPIT, at ang peligro ng kamatayan mula sa COVID-19 sa pangkat ng edad na ito ay humigit-kumulang na 125 beses na mas malaki kaysa sa panganib ng VIPIT.

Para sa listahan ng mga botika na tumatanggap ng mga walk-in, pati na rin ang mga kumukuha ng mga pag-book na batay sa appointment, bisitahin ang [Alberta Blue Cross website](#).

Ang mga klinikang walk-in ng AHS ay magbubukas sa Abril 17 at tatakbo sa loob ng limang araw sa pasimula. Ang mga klinika ay magbubukas batay sa suplay ng bakuna at pangangailangan.

Ang lokasyon ng Southport, sa 10301 Southport Lane SW sa Calgary, ay tatakbo sa Abril 17-21 (Sabado hanggang Miyerkules), mula 8:30 ng umaga hanggang 3:45 ng hapon.

Ang Edmonton EXPO Center, sa 7515 118 Avenue NW, ay tatakbo:

- Abril 17-18 (Sabado at Lingo): 12:30 ng hapon hanggang 4 ng hapon
- Abril 19-20 (Lunes at Martes): 12:30 ng hapon hanggang 6:45 ng gabi
- Abril 21 (Miyerkules): 12:30 ng hapon hanggang 4 ng hapon

Ang bawat kinalalagyan ng AHS ay may kapasidad para sa 500 AstraZeneca walk-in sa umpisa. Ang kapasidad ay isasaayos batay sa pangangailangan. Bisitahin po ninyo ang [AHS.ca](https://www.alberta.ca) para sa anumang mga pagsasaayos ng oras ng pagbubukas ng klinika.

Ang sinumang karapat-dapat na Albertan ay maaari ring mag-palista ng mga appointment sa pamamagitan ng kagamitan sa pag-book ng online sa Alberta Health Services o sa pamamagitan ng pagtawag sa 811 upang makatanggap ng bakuna.

Ang gobyerno ng Alberta ay tumutugon sa COVID-19 pandemya sa pamamagitan ng pagprotekta sa mga buhay at kabuhayan na may tumpak na mga hakbang upang mabaluktot ang kurba, mapanatili ang maliliit na negosyo at protektahan ang sistema ng pangangalaga ng kalusugan ng Alberta.

Mabilis na katotohanan

- Sa kasalukuyan, 26 na parmasya sa Calgary at Edmonton ang nag-aalok ng mga bakunang walk-in para sa AstraZeneca, kabilang ang mga independiyenteng parmasya at mga pwesto ng malalaking grupo ng parmasya. Ang listahan ng mga parmasya na ito ay matatagpuan sa website ng Alberta Blue Cross.
- Lahat ng Albertans na karapat-dapat sa Phase 1, 2A, 2B at bahagi ng 2C ay maaaring magpatuloy na mag-book ng appointment ng pagbabakuna sa COVID-19 sa anumang nakikilahok na parmasya o Alberta Health Services (AHS).

Kaugnay na impormasyon

- [COVID-19 impormasyon para sa mga Albertans](#)
- [COVID-19 Sariling - Kagamitan ng Pagtatasa](#)

Mga katanungan sa media

[Jerrica Goodwin](#)

587-988-3278

Kalihim ng Press, Opisina ng Premier

Tom McMillan

780-422-4905

Assistant Direktor ng Komunikasyon, Kalusugan

Para sa higit pang mga mapagkukunang naisalin ng gobyerno, mangyaring bisitahin ang:
<https://www.alberta.ca/covid-19-translated-resources.aspx>.